

1

“Dad, you promised to come with me!” habol ni Annette sa ama habang pumapanaog ito ng hagdan. “I-interview-hin ka ng friends ko para sa isang assignment namin.”

Bumuntunghininga nang malalim ang butihing senador, pagkuwa’y masuyong inakbayan ang anak. “Tell your friends I couldn’t make it today, Hija,” mahinahong saad nito. “We have a senate conference. Maybe some other time.”

“Dad, they’re expecting you. Ilang beses na ’tong na-postpone. Nahihiya na ako sa kanila.”

“Promise, next time, matutuloy na talaga,” nakangiting sabi nito, sabay pisil sa balikat niya. “I hope you understand. Alam mo namang ginagawa lang ’to ng daddy mo para sa ’yo, para sa kinabukasan mo.”

“I understand naman,” mahinang tugon niya. “Kaya lang—”

“I have to go, Hija.” Ginawaran lang siya nito ng halik sa pisngi at nagtuluy-tuloy na ito sa garahe. Mula sa front door ay pinagmasdan niya ang ama

hanggang sa patakbuhan nito ang sasakyan. Isang kaway pa nito sa kanya at nawala na ito sa paningin niya.

Napabuntunghininga nang malalim si Annette sa panlulumong namamayani sa kanyang dibdib ngunit ipinaalala niya sa sarili na darating din ang araw na magkakaroon ng panahon sa kanya ang ama. Sana....

Masaya na niyang inayos ang sarili. Nakahanda na ang mga gamit niya sa eskuwela, nakauniporme na siya at tapos nang kumain ng almusal. Nakaabang na rin sa garahe ang bodyguard niyang si Berting.

Nasa second year Law Proper siya sa isang tanyag at kilalang universidad.

Nagkakasayahan ang grupo ng medical students sa campus. Nagbibidahan ang mga ito, nagbibiruan at nagsasabihan ng green jokes. Pinakamalakas ang boses ni Kenneth Dizon.

“Pare, walang-wala kayo sa akin,” nakangiting pagbibida niya. “Si Miss Campus Girl, hinahabol ako!”

“Oh, yeah?” sabad ni Raffy. “Siguro, malaki ang pagkakautang mo sa kanya!”

Lumakas ang tawanan ng lahat.

Abalang-abala naman sa pagbabasa ng newspaper ang tinaguriang genius ng grupo na si Lester. Namimilog ang mga mata nito sa likod ng makapal na eyeglasses. “Kenneth, bida na naman ang Tito Edmundo mo,” pagkaraan ay saad nito. “May senate conference ngayon. Ano na naman kaya ang projects ng dakilang senate president?”

“Ibahin n’yo na ang pamangkin ng senate president at anak ng kilalang businessman,” natatawang komento ni Jake. “Wow, walang-wala talaga tayong lahat! Kaya nga ang daming naghahabol na mga babae kay Kenneth, eh. At ang gaganda pa!”

“Wait, wait!” mayamaya ay sabi ni Lester bago sinabayan ng tayo at binasa nang malakas ang isang article sa *Social Life and Pleasure* portion ng babasahin. “*Annette Esguerra to follow the footsteps of her father, Senator Arturo Esguerra.*” Sumulyap ito kay Kenneth. “O, ito kaya mo?” hamon nito sa napapailing na binata.

“Wow, Pare, kayang-kaya ni Kenneth ’yan!” malakas na sabad ni Raffy.

“Oh, c’mon,” patuloy ni Lester. “Aspiring *summa cum laude* ng law department and super-beautiful? Kenneth, I don’t think papasa ka kay Miss Genius!”

“Oy, Lester!” sigaw ng isa. “Baka pumasa ka dahil genius ka rin!”

Nagtawanang muli ang grupo.

Hinalbot ni Kenneth ang newspaper mula kay Lester at pinagmasdan nang matagal ang larawan ni Annette na nakalagay roon. Photogenic ang dalaga pero higit na maganda ito sa personal.

“Oy, nag-iisip na si Kenneth,” natatawang komento ni Lester nang biglang matahimik ang binata. “Natsa-challenge na siya, mga pare. Kaya ba niya si Annette Esguerra, the only daughter of Senator Esguerra?”

Inihagis ni Kenneth ang newspaper pabalik kay Lester. “Wanna bet?” mayabang na pahayag niya bago sinabayan ng talikod.

Nagkatinginan ang grupo. “Napikon,” saad ni Lester.

Napahinto sa paghakbang si Kenneth nang may humintong *Mitsubishi Montero* sa tapat ng nagkakasayahang grupo. Kitang-kita ng mga ito ang magandang mukha ni Annette na nagbabasa ng libro dahil hindi tinted ang salamin ng bintana.

Bumaba ang bodyguard ng dalaga at tiningnan

ang unahang gulong ng sasakyan. “Flat nga ’to,” pagkuwa’y saad nito. Hindi na nito hinintay na makapagsalita ang driver, pinindot nito ang hawak na transceiver.

Biglang natahimik ang grupo ni Kenneth. Mayamaya ay nakangiting kinalabit ni Lester si Raffy. “Hindi yata makakilos si Kenneth.”

“Huwag kang maingay,” pabulong na sabi ni Raffy. “Baka maingayan si Miss Genius.”

“Pare, ang ganda pala talaga ni Annette Esguerra!”

“Kaya nga hindi makakilos sa kinatatayuan niya si Kenneth, eh.”

“Naku, wala palang magagawa si Kenneth kapag nandiyan na si—” malakas na simula ng isang kasama ng grupo.

“Shh!” saway ni Raffy sa lalaking nagsalita.

Nainip na si Annette sa hindi kaagad pag-andar ng sasakyan, nag-angat ito ng paningin upang hagilapin ang bodyguard ngunit ang mga mata ni Kenneth ang nasalubong ng paningin nito.

Hindi naman malaman ni Kenneth kung ngingiti, babawi ng tingin o mananatiling nakatitig sa mala-anghel na mukha ng dalaga. At sa hindi niya

inaasahan ay ngumiti ito.

Hindi siya gumanti ng ngiti. *She's like an angel*, sa loob-loob niya. Napakislot siya nang makitang bumababa ito ng sasakyan. *Lalapitan pa yata ako!*

“Berting, mauna na ako, ha?” Ang bodyguard ang nilapitan ni Annette. “Malapit na naman ang classroom ko, I can manage.” Nililipad-lipad ng hangin ang hanggang balik na buhok nito. Naglakbay ang mga mata ni Kenneth mula sa nangingintab nitong buhok hanggang sa mapuputi at makikinis na hitang bahagyang inilantad ng maikling palda.

“No, Ma’am, sasamahan ko pa rin kayo,” tugon ni Berting bago binalingan ang driver. “Ding, ihahatid ko lang si Ma’am Annette, ha. Hintayin mo ako riyan.”

“Berting, I said I can manage,” sabing muli ng dalaga, hindi kababakasan ng pagkayamot ang magandang mukha nito. Nasa isang sulok ng mga mata nito si Kenneth.

“Ma’am, huwag kayong makulit, ha,” ganting ngiti ni Berting. Bagaman nasa treinta pataas ang edad ng lalaki ay nakikipagbiruan pa rin ito sa amo. Alam nitong hindi nagagalit nang basta-basta ang dalaga. “Kapag may nangyari sa inyo, ako ang mananagot sa daddy mo.”

“O sige na, matigil ka lang,” napapailing na sabi ni Annette bago sinabayan ng talikod. Nakabuntot dito si Berting. Mayamaya ay hindi napigilan ng dalaga ang sarili at biglang napalingon sa kinaroroonan ni Kenneth. Muli nitong nginitian ang binata at saka nagtuluy-tuloy sa pupuntahan.

Waring napako na sa kinatatayuan si Kenneth. Isang tapik sa balikat mula kay Raffy ang nagpatinag sa kanya.

“I saw her smile at you,” tudyo nito. “Wow, Pare, I think she’s got a crush on you!”

“Bibigyan ka namin ng isang buwan, Kenneth,” sabad ni Lester. “Bibilib kami sa ’yo kapag napasagot mo si Miss Genius.”

“Masyadong mahaba ang isang buwan, Lester,” mayabang na tugon ni Kenneth. “Give me one week!”

May kakilala si Kenneth sa law department. Sinabayan niya ito nang breaktime na at pasimpleng inusisa tungkol kay Annette. Alam niyang marami ang nakakakilala sa dalaga dahil sa pagiging aktibo nito sa extra-curricular activities. Idagdag pa ang pagiging anak nito ng isang kilalang senador.

“Pare, parang ang hirap ligawan ni Annette,” saad ng kakilala ni Kenneth.

“Nanliligaw ka ba sa kanya?” interesado niyang tanong.

Nahihiyang tumango ito. “Kaya lang hindi na ako makapagsalita kapag kaharap ko na siya. Nawawala ako sa sarili ko. Pakiramdam ko, wala akong pag-asa sa kanya. Pare, sa panaginip ko na lang siya pinapantasya!”

Nakangiti siyang napalunok.

Nine to eleven o'clock ang unang subject ni Annette sa umaga at iyon ang Constitution. Pagkatapos niyon ay sa library ito tumutuloy. Isang oras itong naglalagi roon bago kumain ng tanghalian sa labas kasama ng mga kaibigan. At kung nag-iisa naman ay niyayaya nito si Berting na samahan itong kumain.

Kumuha ng libro si Kenneth sa shelf ngunit binuklat lamang nito iyon at hindi binasa. Ilang minuto na itong naghihintay kay Annette sa library. Ganoong oras kung pumunta roon ang dalaga upang magbasa ng libro. Mabuti na lamang at wala nang subject ang binata kapag ganoong oras.

Pansamantalang humiwalay ito sa grupo ngunit hindi nagpaalam kung saan pupunta.

Pagkatapos ng ilang minutong paghihintay ay namataan ni Kenneth ang paparating na si Annette. Kasama ng dalaga ang isang babaeng halatang kaibigan niya.

“Parang nakakatamad nang magbasa,” matigas na pahayag ni Giselle. “I told you, sasamahan lang kita. My ocular muscles got strained kanina sa Constitution. Puwede ba, magpahinga naman tayo?”

“Hindi ko naman sinabing magbasa ka, eh,” nakangiting tugon niya. “Basta’t samahan mo na lang ako ’tapos sabay tayong mag-lunch.”

Hinila ni Giselle ang silya at saka naupo. Nasa isang sulok sila na malayo sa kinaroroonan ni Kenneth. Ibinaba muna ni Annette ang dalang mga gamit bago tumungo sa shelves.

Nang makita iyon ay mabilis na tumayo si Kenneth at pasimpleng lumapit sa pupuntahan ng dalaga. Tumayo siya sa tapat ng literature section at namili ng librong kukunin.

Palihim itong nakasilip sa shelf sa likuran niya. May bahaging walang nakalagay na libro kaya kitang-kita nito ang dalaga.

Shakespeare's Twelfth Night. Wow, iyon ba ang type niyang babasahin? She's really impressive! sa loob-loob ng binata. Paano ako makikipagkilala sa kanya? Arnold was right when he said parang ang hirap lumapit sa kanya.

Hinayaan ni Kenneth na makaupo muna si Annette bago ito naupo sa mesang malapit sa kinaroroonan niya. Nagkunwari itong nagbabasa ngunit ang totoo ay nakikinig ito sa usapan ng magkaibigan. Hindi naman ito napapansin ng dalawa.

Binuklat niya ang kinuhang libro at sinimulang basahin iyon.

“Hay naku, Annette!” kunwa’y napahikab na sabi ni Giselle. “Ikaw lang yata ang mahilig magbasa kay Shakespeare. Dahil lang sa ’yo kaya hindi ’yan inaalikabok sa shelves.”

“Grabe ka naman!” nakangiting sabi niya. “Siyempre maraming nagbabasa nito. Pinag-aaralan pa nga ito sa classroom, eh. Para namang hindi mo na-encounter si Shakespeare sa Literature. If you read him over and over again, I’m sure you’d love him.”

“Sobra ka na, Annette,” naiiling na muling saad nito. “Alam mo bang minsan ay nabo-bore na ako sa mga ginagawa mo. Puwede bang mag-relax naman

tayo? Mag-disco tayo o kaya—”

“Some other time.”

“Hay naku! Para kang ang daddy mo. Palagi na lang some other time kaya palagi ring napo-postpone ang interview natin with him.”

Nagkibit-balikat na lang siya at saka ipinagpatuloy ang pagbabasa.

“O, saan ka ba nagpunta kanina?” tanong ni Raffy kinagabihan nang tumawag ito sa bahay ni Kenneth. “Bigla ka na lang nawala at hindi ka na bumalik. And take note, Kenneth, nag-quiz kami sa Psychology.”

“Gaano kahaba? Ten items?” mayabang na tanong niya. “That’s okay. Quiz lang ’yon, Pare, at hindi dahilan para bumagsak ako sa subject na ’yan. Anyway, I read Shakespeare today. What can you say about that?”

“Shakespeare? Kailan ka pa nagkahilig sa ganyan?”

“Saka ko na sasabihin sa ’yo kung bakit,” napangiting tugon niya. Sumandal siya sa kama at inipit ng balikat ang telepono bago sinimulang buklatin ang isang fashion magazine. Tumigil siya sa

pahinang may malaking larawan ni Annette. Naka-shorts, polo shirt na puti at naka-cap ito sa larawan. Hawak-hawak nito ang isang golf club.

“Oy, ano’ng plano mo kay Annette Esguerra?” mayamaya ay tanong ni Raffy.

Hindi siya kumibo. Nanatili siyang nakatitig sa maamong mukha ng dalaga sa litrato. Ito ang naka-feature sa *Lifestyle* section. Ayon sa article, mahilig mag-golf ang nag-iisang anak ni Senator Esguerra.

“Hoy, Kenneth, nandiyan ka pa ba? Hindi ka na nagsalita, ah! Kenneth!”

“Pare, mag-usap na lang tayo bukas. ’Bye!” Hindi pa man nakakasagot ang kaibigan ay ibinaba na niya ang telepono. Dumapa siya sa kama at ipinagpatuloy ang pagbabasa ng article tungkol kay Annette. Marami pang magazines doon na may interviews sa dalaga. Kung bakit pinagpuyatan niyang basahin ang mga iyon ay hindi pa niya alam.

Nakahiga si Annette sa sofa sa sala at hinihintay ang pagdating ng ama. Alam niyang gagabihin ito pero nagbabakasakali pa rin siyang makakauwi ito nang maaga dahil may mahalagang bagay siyang sasabihin dito. Pipilitin niyang mapapayag itong

Until I Met You - Ningning C. Interino

sumama sa kanya sa bahay ni Giselle upang doon magbigay ng interview.

Isinara niya ang binabasang libro bago humihikab na tumitig sa malaking portrait ng ina na nakasabit sa dingding. “Oh, Mom, I miss you so much,” bulong niya. “I wish you were here.” Namatay sa sakit na cancer ang kanyang ina nang siya ay eighteen years old pa lamang, tatlong buwan pagkatapos ganapin ang marangyang debut niya sa *The Peninsula Manila*.

Nakatulugan na niya ang paghihintay sa ama. Nang dumating ito ay pinangko siya at saka maingat na dinala sa kanyang silid. Hindi na naman niya ito nakausap.

2

Kinabukasan, nasa library na naman si Annette. Nang muli niyang buklatin ang binabasang *Twelfth Night* ni Shakespeare ay nasorpresa siya sa note sa nakaipit doon.

Dear Annette,

The secret of true greatness is simplicity.

Anonymous

“Sino naman ’to?” bulong niya sa sarili habang tinutungo ang mesa. Marami na siyang natatanggap na love notes o letters mula sa kung kani-kanino pero ngayon lamang niya na-appreciate ang natanggap. Gusto niya ang mensahe.

“Oh, what’s that smile for?” nakataas ang isang kilay na puna ni Giselle.

Naupo siya sa tapat nito at ibinaba ang sulat. “Ngayon mo sabihing walang nagbabasa ng librong ’to,” ngiti niya.

Binasa nito ang note at napailing. “Siguro ay magiging compatible kayo ng lalaking sumulat nito. Pero sino ba ’to?”

“I have no idea,” kikit-balikat niya.

Nasa di-kalayuan si Kenneth at bahagyang nakatakip sa mukha ang hawak na libro ngunit abotanaw nito si Annette.

Tahimik si Annette habang nakaupo sa kama ng ama at pinagmamasdan itong nag-aayos ng kurbata sa harap ng salamin. Mula sa malaking salamin ng tokador ay banaag ni Senator Esguerra ang kalungkutan sa mukha niya.

Napabuntunghininga ito, pagkuwa’y naupo sa tabi niya. “Ayokong nakikitang malungkot ka, Anak,” mahinang saad nito. “Is there any problem?”

Hindi siya kumibo.

“Annette—”

“I wanted to talk to you last night, Dad, but I

missed you again.”

Napalunok ang senador.

“Kararating lamang ninyo ay aalis na naman kayo,” malungkot na patuloy niya. “Hindi na tayo nakaka-pagkuwentuhan at hindi na rin tayo nagkakasabay kumain.”

“I-I want to make up for it, Anak, pero I need to attend the Senate President’s birthday party.”

“G-gusto kong sumama sa inyo.” Tumingin niya sa ama, nagsusumamo ang mga mata. “Please, Dad. Kahit papaano’y gusto ko ring makasama kayo sa mundong ginagalawan n’yo. Gusto kong maramdamang ipinapakilala n’yo ako sa mga malalaking tao sa pulitika. Ikinahihiya n’yo ba ako?”

“Of course not, Hija,” napangiting sabi nito at saka siya masuyong inakbayan. “You know that I’m very proud of you. Hindi ka katulad ng ibang anak ng makapangyarihang tao na pabaya sa pag-aaral at problema ang ibinibigay sa mga magulang. Hindi mo lang alam kung paano kita ipinagyayabang sa kanila. I just worry about your safety. Baka mapahamak ka kapag isinama kita sa mga lakad ko.”

“Dad, nandiyan naman si Berting at ang iba mo pang bodyguards. I promise, mag-iingat ako.”

Isang ngiti ang tanging naitugon ni Senator Esguerra.

Maingat na pumapanaog ng hagdan si Kenneth, iniiwasang makagawa ng anumang ingay at baka magising ang ama niyang nagpapahinga sa silid nito. Dadalo siya sa birthday party ni Tito Edmundo sa bahay nito. Tiyak na hindi siya papayagan ng daddy niya. Mahigpit nitong ipinagbabawal ang pagsama-sama niya sa tiyuhin dahil delikado raw ang trabaho ng senador. Baka madamay siya kapag may nagbanta nang masama rito. Ang daddy niya ang numero unong kontra sa pulitika.

Ilang baitang na lamang at nasa ibaba na siya nang marinig ang matigas na tinig ng ama.

“Saan ka pupunta?” tanong nitong walang bahid-ngiti sa mukha.

“I’m going out with my friends,” pagsisinungaling niya.

“Give me the car keys.” Naghihintay ang nakabukas nitong kamay para sa mga susing ihahagis ni Kenneth.

“But, Dad—”

“I said give me the car keys.”

Wala siyang nagawa kundi ibigay rito ang susi ng kotse.

“I know where you’re going,” nakatalikod nitong sabi. “I heard you talking with your Tito Edmundo. Pupunta ka lang sa birthday party—” Naudlot ang sasabihin nito nang marinig ang tunog ng motorsiklo sa garahe. “Kenneth!” Pahangos na pumanaog ng hagdan ang negosyante. Tuluy-tuloy ito sa labas ng garahe ngunit malayo na ang anak. “Kenneth, come back here! Kenneth!”

Hindi alam ni Kenneth kung dapat siyang magsaya nang makarating sa bahay ni Senator Edmundo Dizon. Marami nang mga panauhing naroroon. Nang dumating nga siya ay nagkakainan na ang karamihan.

Nasa isang bahagi ng utak niya ang ama. Sinuway na naman niya ito ngunit kapag naalala ang kawalang- atensyon nito sa kanya, mas gusto niya ang palaging nasa labas ng bahay. Masyadong abala ang daddy niya sa mga negosyo nito. Ang mga pagkukulang nito ay pinupunan lang ng pera at materyal na bagay. Mabuti pa nga ang Tito Edmundo

at kahit sandali ay nakakausap niya.

“Hijo!” masayang salubong ni Senator Dizon.

“Happy Birthday, Uncle,” malumbay niyang tugon at saka niyakap ang lalaki. “Heto’ng regalo ko.” Iniabot niya ang isang card na may nakasulat na *Vote: Edmundo Dizon For President!*

Nailling na napangiti ang senador. “You always come up with pleasant surprises, Hijo,” tapik nito sa balikat niya. “O, bakit parang malungkot ka?”

“Hindi na naman ako pinayagan ni Daddy,” malungkot na tugon niya. “I came here on my motorcycle.”

Napabuntunghininga ang lalaki. “Don’t worry, Hijo, ipahahatid kita kay Greg mamaya.”

“No, Uncle, I can go home on my own.”

Maingay ang paligid. Nagkakasayahan ang mga panauhin. Nagkukuwentuhan ang mga pulitiko.

Pagkatapos ipakilala ni Senator Esguerra si Annette sa mga kaibigan nito ay napag-isa na siya sa mesang nasa sulok. Mangilan-ngilan lang pala ang kaedad niyang dumalo sa pagdiriwang; wala pa

siyang kakilala.

Minabuti niyang pansamantalang iwan ang kasayahan at tumungo sa loob ng mansyon. Maluwang ang loob niyon, tahimik at wala na halos tao maliban sa mga nakaunipormeng katulong na abala sa sari-saring gawain.

Naupo siya sa sofa at wala sa loob na niyakap ang velvet na throw pillow. Hindi niya alam ang gagawin habang nakatitig sa portrait ng lalaking nasa dingding. Larawan iyon ni Senator Dizon noong kabataan pa nito ngunit bakit parang pamilyar sa kanya ang mukhang iyon? Waring nakita na niya iyon sa isang lugar na hindi niya matandaan kung saan.

Nakakainip. Tiyak na matatagalan pa bago matapos ang pagdiriwang. May namataan siyang libro sa ibabaw ng piano at kinuha niya iyon. Nagbasa-basa na lang siya habang nakasandal sa upuan. Hanggang sa dalawin siya ng antok....

Katulad ni Annette, nakaramdam din ng pagkainip si Kenneth. Ipinasya nitong pumasok din sa loob ng bahay. Balak nitong umakyat sa itaas upang doon umidlip ngunit napahinto ito sa sala nang makitang nakahiga si Annette sa sofa. Ipikit-idilat

nito ang mga mata upang tiyaking totoo ang nakikita at napalunok ito nang makatiyak na ang dalaga nga ang nandoon.

“What is she doing here?” pabulong na tanong nito sa sarili. Hindi ito nakatiis at naupo sa tapat ng kinahihigaan ni Annette. Napangiti ito nang mapagmasdang mabuti ang mala-anghel niyang mukha. *She’s really beautiful!* sa loob-loob nito. Sumandal ito sa upuan. Habang patuloy siyang pinagmamasdan ay lalo pa siyang gumaganda sa paningin nito. Simpleng party dress lamang ang suot niya ngunit akmang-akma sa magandang korte ng kanyang katawan.

Kumilos ang kamay ni Kenneth upang haplusin ang maamong mukha ni Annette nang biglang kumilos ang dalaga, pagkuwa’y nagmulat ng mga mata. Napabalikwas siya nang makita ang binata. “Who are you?” sa kabiglaanan ay bulalas niya.

“K-Kenneth,” mahinang tugon nito.

Sinulyapan niya ang portrait ni Senator Dizon, pagkuwa’y muling bumaling dito. Ngayon ay naalala na niya kung saan unang nakita ang mukha sa larawan. Pansamantalang namayani ang katahimikan habang patuloy silang nagtititigan.

Una siyang bumawi ng tingin. Ibinalik niya sa ibabaw ng piano ang librong binabasa kanina at saka siya mabilis na tumalikod paalis.

“Wait!” habol ni Kenneth.

Huminto siya sa paghakbang at saka nakangiting humarap sa binata. “What?” malumanay niyang tanong.

“A-are you afraid of me?” nahihiyang tanong nito.

“No. N-nahihiya lang ako dahil nakatulog ako dito sa sofa n’yo.” Hindi siya makatitig nang tuwid dito. Mestisuhin si Kenneth, balbon, pantay-pantay ang mapuputing ngipin, matangos ang ilong at tuwid ang buhok. Ngayon lamang siya nakaramdam ng pagkailang sa harap ng isang lalaki.

“Actually, pamangkin lang ako ni Tito Edmundo,” nakangiting paliwanag nito. “It’s okay kung dito ka nakatulog. If you want, sasamahan pa kita sa guest room.”

Naglahong bigla ang ngiti sa mga labi niya. Hindi niya alam kung dapat siyang matuwa o magalit sa huling sinabi nito.

Walang intensyong masama si Kenneth nang sabihin nito iyon.

“G-gusto ko nang umuwi.” Pilit na ngiti ang lumabas sa mga labi niya. “Bye.” At nagtuluy-tuloy na siya sa pintuan.

Nais pang pumigil at humabol ng binata ngunit sa pagkakataong iyon ay hindi na alam nito ang dapat gawin. Kapag si Annette ang kaharap nito, kailangan nitong pumili o mag-isip ng mga salitang sasabihin na ikatutuwa niya. Ngayon lamang ito nakatagpo ng babaeng hindi basta-basta. Sa isang iglap ay naglaho ang mga pambobolang ginagawa nito sa mga babae.

“Sasama ka ba sa akin, Berting?” tanong ni Annette sa bodyguard habang ipinaparada ng huli ang kotse sa parking area ng university.

“Sa golf course?” tanong nito. “Aba’y siyempre naman, Ma’am. Sino’ng magbabantay sa inyo kapag hindi ako sumama?”

“Berting, malaki na ako,” mahinang tugon niya. “Kaya ko na ring magmanehong mag-isa kaya kahit wala si Ding ay kaya ko na.” Tumingin siya sa labas ng bintana. Paminsan-minsan ay nakakaramdam siya ng pagkairita sa tuwing may taong bumubuntut-buntot sa kanya pero alam niyang kagustuhan lamang iyon ng kanyang ama at ang mga taong ito ay binabayaran

lamang upang sumunod sa senador. Hindi siya dapat magalit sa mga ito. Matagal nang nasa politics ang daddy niya at matagal na rin siyang may bodyguard. Hindi pa siya naging malayang-malaya sa buong buhay niya. “Siguro, pinagtatawanan na ako ng mga kaibigan ko,” mahinang saad niya kapagdaka.

Naiparada na ni Berting ang sasakyan at mataman itong nakikinig sa kanya. “Pasensya na, Ma’am,” tugon nito. “Sumusunod lamang ako sa daddy n’yo.”

“Alam ko, Berting. Hindi naman ako naiinis sa ’yo. I just want to be an ordinary person once in a while.... Anyway, forget about what I said.” Tahimik siyang bumaba ng kotse. Sumunod ang lalaki. “I can manage, Berting,” sabi niya nang akmang susunod din ito sa kanyang pag-alis.

Walang nagawa ang bodyguard kundi ang sundan siya ng tingin habang tinutungo niya ang isang building na kinaroroonan ng kanyang classroom.

“Aalis ka na ba?” tanong ni Kenneth sa bodyguard ni Annette nang makalayo ang dalaga. Lulan ng *BMW* nito ang binata at kunwa’y naghihintay na mabakante ang kinapaparadahan ng *Montero*.

“Bakit?” tanong ni Berting.

“Paborito ko kasi ’tong parking space na ’to,

eh,” nakangiting tugon niya. “Besides, puno na ang parking lot.”

“Oo nga,” saad ng bodyguard nang makitang wala na ngang mapaparadahan ng sasakyan si Kenneth. Paano ay hinintay pa niyang mapuno ang parking space na iyon. Gusto talaga niyang maging kaibigan si Berting. “Kawawa ka naman. Mamaya pa kasi ang labas ni Ma’am Annette, eh.”

“Annette Esguerra?”

“Oo, bakit?”

“Kakilala ko siya. Kung okay sa ’yo, baka puwedeng sa ’yo ko na lang iwanan ang susi ng kotse ko para pag may umalis, mai-park mo ’to.”

“Ba’t hindi ka na lang sa kabila pumarada?”

“Mapapalayo ako, eh.” Mabilis siyang bumaba ng kotse at inihagis ang susi sa lalaki na sinalo naman nito. “Okay lang ba?”

“O sige kung may tiwala ka ba sa akin, eh,” nakangiting sabi nito. “Tatal, wala naman akong ginagawa rito kundi ang makinig ng stereo.”

“Kung gusto mo, puwede mong gamitin muna ang kotse ko habang namamasyal ka.”

Takang napatingin sa kanya ang lalaki. “Bilib ako sa ’yo,” nakangiting saad nito. “Madali kang magtiwala sa isang tao. Ingat ka, Hijo, at baka maloko ka.”

“Alam ko naman kasing mapagkakatiwalaan ka.... Ano nga pala’ng pangalan mo?”

“Berting.” Iniabot nito ang kamay upang makipagkamay sa kanya.

“Ako naman si Kenneth Dizon,” tugon niya sa pakikipagkamay nito.

“Dizon? Kaanu-ano mo ba si Senator Dizon?”

“Tito ko.”

Tatangu-tangong napangiti ito.

“Sige, Berting, may pasok pa ako,” nakangiting paalam niya bago tumalikod paalis.

Nakangiting sinundan siya ng tingin ni Berting. *Mabait din siyang katulad ni Ma’am Annette*, naisip nito bago binalingan ng tingin ang *BMW* ni Kenneth.

Pakubli-kubli si Kenneth habang patungo sa building na kinaroroonan ni Annette. Maaga pa siya para sa unang subject at may panahon pa siyang

panoorin ang dalaga sa klase nito.

Iniiwasan niyang makita siya ng barkada at tiyak na mapupurnada ang balak niyang gawin. Papaliko na siya sa kabilang pasilyo nang makasalubong niya si Gina, ang Miss Campus Girl at isa sa mga babaeng pinakaiiwas-iwasan niya.

“Oh, hi, Kenneth!” nakangiting bati nito at saka siya ginawaran ng matunog na halik sa pisngi. “Kain naman tayo, o,” lambing nito. “I-treat mo ’ko.”

Hindi pa man siya nakakasagot ay hinila na siya nito patungo sa pinakamalapit na canteen.

3

“Kanina pa tayo nakaupo rito, Berting,” puna ni Annette kinahapunan. “Bakit hindi mo pa pinaandar ang sasakyan?”

Hindi mapakali si Berting. Palinga-linga ito ng tingin, nagbabakasakaling makita si Kenneth. Magmula kasi nang umalis nang umagang iyon ang binata ay hindi pa ito bumabalik. Hindi naman nito gustong basta na lamang dalhin ang susi ng kotse ni Kenneth at tiyak na maghahanap ang binata.

“Berting?” muling sabi ni Annette.

“Eh, Ma’am, kasi—”

“Ano ba’ng nangyayari sa ’yo?”

Magsasalita pa sana si Berting nang pahangos na dumating si Kenneth. Mabilis itong bumaba ng sasakyan at hindi na hinintay na lubusang makalapit ang binata.

“Mabuti’t dumating ka na,” pabulong na saad ni Berting bago iniabot ang susi ng sasakyan nito.

“Pasensya ka na, ngayon lang kasi ako nakalabas, eh,” humihingal na tugon ng binata. “Nasa’n ang

kotse ko?”

Ininguso ni Berting ang kinaroroonan ng sasakyan ni Kenneth sa di-kalayuan. Takang nakamasid si Annette mula sa loob ng kotse.

Mayamaya lamang ay tahimik na sumakay si Berting sa driver’s seat at pinaandar iyon. Sa mismong kinatatayuan pa ni Kenneth dumaan ang kotse.

“B-bye, Annette,” malakas na sabi ng binata, kakaway-kaway.

Kumabog ang dibdib ni Annette at biglang nabuhay ang paghangang una niyang nadama nang makita si Kenneth sa bahay ni Senator Dizon. Sa puting unipormeng suot nito ay guwapung-guwapong tingnan ang binata.

Hindi nakatiis si Kenneth at tinawag nito si Berting habang hinahabol ang sasakyan. Bigla namang itinigil nito ang kotse at kaagad na ibinaba ang salamin ng bintana.

“B-bakit?” tanong ng bodyguard matapos ang isang sulyap kay Annette.

Bahagyang inilapit ng binata ang mukha rito upang ikubli ang bawat galaw ng bibig mula sa kanya. “M-may lakad ba kayo bukas ni Annette?” tanong

nito sa mahinang boses. “I mean, gusto ko sanang imbitahin kayong lumabas. Iyon ay kung okay lang sa inyo.”

“Deretsahin mo na ako, Sir Kenneth,” napapangiting ganting bulong ng bodyguard. “Gusto mong yayaing lumabas si Ma’am Annette, ano?”

“Shh! Ang boses mo, baka marinig tayo. May lakad ba kayo?”

“Kung gusto mo, sumama ka na lang sa amin sa golf course bukas.”

“Saan?” excited na tanong nito.

“Berting, hindi pa ba tayo aalis?” yamot na tanong ni Annette. Hindi niya nagustuhan ang pagbubulungan ng mga ito kaya kahit ayaw niyang makialam ay napilitan na rin siya. Malay ba niya kung siya ang pinag-uusapan ng mga ito.

“M-Ma’am, sandali na lang ho.” Palibhasa pamangkin ng senador na batid nitong malapit naman sa ama ni Annette ay sinabi nito ang eksaktong lugar kung saan naggo-golf ang amo. Matapos sabihin iyon ay pinatakbo na nito ang kotse.

Hindi siya nakatiis na hindi lingunin si Kenneth bago binalingan si Berting. “Kakilala mo pala si

Kenneth Dizon?” kaswal niyang tanong. Hindi niya ibig ipahalatang interesado siya sa binata.

“Kanina lang, Ma’am,” mahinang tugon nito habang tuwid na nakatitig sa daan. “Nakiusap siya sa akin na iparada ko ang kotse niya kapag may nabakanteng parking space. Pinagbigyan ko na kasi kakilala n’yo naman at pamangkin pala ni Senator Dizon. Isa pa, mabait naman siya, Ma’am.” Ngumiti ito.

“Eh, ano naman kung mabait siya?” tanong niya. “At ano ba’ng pinagbubulungan n’yo kanina? Ba’t parang ayaw pa n’yong iparinig sa akin?”

“Wala, Ma’am. Tinatanong lang ni Kenneth kung may lakad kayo. Sabi ko, meron.”

“Bakit niya tinatanong?”

Makahulugang tingin ang ipinukol sa kanya ni Berting mula sa rearview mirror, napapangiti.

“Hindi ko gusto ang timpla ng mukha mo, Berting,” nakangiti niyang komento.

“Ang ibig lang sabihin n’on, Ma’am, may gusto sa inyo ang pamangkin ni Senator Dizon.”

Kumibit-balikat siya, pagkuwa’y bumaling ng tingin sa labas ng bintana. Nasa isang bahagi ng isip

niya ang binata.

“Mukha namang mabait si Kenneth, Ma’am, ah,” patuloy na sabi ni Berting. “Gusto ko na ring may makilalang boyfriend n’yo para mas masaya, di ba?”

“Berting, narinig ko na ’yan sa ’yo kanina,” natatawang tugon niya. “Mabait na siya kung mabait. Pero ano naman ang mapapala ko kung mabait siya?”

“Love, care and understanding.”

Napangiti na lang siya sa sinabi nito.

Hanggang sa mga sandaling iyon ay nanatili si Kenneth sa kinatatayuan nito.

Sa isang golf course sa Tagaytay malimit tumungo si Annette sa tuwing wala siyang pasok. Libangan na niya ang paglalaro ng golf. Nang araw na iyon ay kasama niya si Giselle na nagtungo roon. Siyempre ay hindi rin mawawala si Berting.

“Wow, nakalanghap na naman ako ng fresh air!” excited na sabi ni Giselle habang tila batang nagtatatakbo sa golf course.

Nagtungo muna sina Annette at Berting sa clubhouse. Nakagawian na ng bodyguard ang

uminom doon habang naghihintay sa kanya. Noong nakaraang punta nila roon ay medyo nalasing ito ngunit maayos pa rin naman itong nakapagmaneho.

“O, baka mapainom ka na naman nang husto, Berting, ha,” paalala ni Annette sa bodyguard.

“Hindi na, Ma’am,” ngiti nito at saka tinungo ang bar. Kakuwentuhan nito ang isang waiter doon.

Hindi kaagad nakita ni Annette si Giselle nang lumabas siya ng clubhouse. Mayamaya ay natanaw niya itong nakikipag-usap sa isang lalaking naglalaro ng golf sa di-kalayuan. Napapailing na pumuwesto siya at naghintay ng kanyang turn na mag-tee off.

Hindi pinalampas ng binoculars ni Kenneth ang unang strike ni Annette. Sinadya nitong magdala niyon upang mapagmasdang mabuti ang dalaga nang hindi niya mapapansin. “Wow!” bulong nito.

Habang gumagawa ng ilang exercises si Annette ay tumaas-bumaba naman ang binoculars ni Kenneth na naka-focus sa kanya. Nagkaroon ito ng pagkakataon na pagmasdan siya mula sa mahaba niyang buhok na napapatungan ng puting sumbrero hanggang sa kanyang golf shoes.

Inilapit ni Annette ang clubhead sa bola at saka ito marahang pinalo patungo sa direksyon ng hole.

“Wow!” muling bulong ni Kenneth sa sarili. “She’s really impressive!” Paulit-ulit iyong ginagawa ni Annette, patuloy namang nakasunod ang binoculars ni Kenneth sa bawat galaw niya. Namalayan na lamang ng binata na papalapit na ito nang papalapit sa kanya. Ibinaba nito ang nakasabit sa leeg na binoculars at saka hindi nakatiis na napapalakpak sa pagpasok ng bola ni Annette sa butas ng hole number one.

Gulat na napabaling ng tingin ang dalaga sa kinatatayuan ni Kenneth. Waring naglahong lahat ng sasabihin ng binata nang makitang nakatingin siya rito.

Nakabawi na sa pagkabigla si Annette. Inayos niya ang sarili at saka pinakawalan ang isang matamis na ngiti. “Hi!” sabi niya.

“H-hello,” kandabuhol ang dila na tugon nito, pinamumulahan ng mga pisngi.

Dinukot niya sa hole ang bola. “So, are you a golfer, too?” tanong niya sa hindi pa rin makatinag na binata.

“Yeah, of course!” pagsisinungaling nito. Ang totoo ay wala itong kahilig-hilig sa golf. Ni hindi nga ito marunong niyon. “That’s why I’m here!” Ngumiti

ito.

“Well then,” aniya na iniabot dito ang hawak na bola at club, “try my new club,” nakangiting sabi niya. “Gift sa akin ’yan ng daddy ko.”

Nanginig ang buong katawan ni Kenneth. Paano ito makakapagpakita ng gilas sa babae gayung hindi naman ito marunong mag-golf.

Naghihintay naman si Annette na tanggapin nito ang golf club. Mayamaya ay kumilos ang mga kamay ng binata at nanginginig na tinanggap ang iniaabot niya. Nag-aatubiling ginaya nito ang ginawa niya kanina. Halatang hindi ito sanay at kamuntik nang mawalan ng balanse.

Tumalikod siya upang ikubli ang ngiti sa mga labi. Nang humarap siya sa binata ay naipalo na nito ang club sa bola. Namilog ang kanyang mga mata. Napapikit-mata ito nang bumagsak ang bola sa gitna ng sandtrap.

“I’m sorry, Annette,” nahihiyang paumanhin nitong pinamumulahan na naman ng mga pisngi.

Iyon lang at napabunghalit siya ng tawa. Mayamaya ay natigilan siya nang makitang pormal na nakatitig sa kanya ang binata. Bumawi siya ng tingin at saka nagpaumanhin. “I-I’m sorry,” sabi niya.

Isang pilit na ngiti ang tanging naitugon nito bago tumalikod paalis.

“K-Kenneth!” tawag niya.

Kaagad itong humarap sa kanya. “Y-yes?”

“My golf club!”

Saka pa lang nito napagtanto na hawak-hawak pa rin nito ang club niya. Lalo itong pinamulahan ng mga pisngi nang iabot iyon sa kanya. “T-thanks.”

“Better luck next time,” pahabol na biro niya.

Nagtuluy-tuloy na paalis si Kenneth, hiyang-hiya.

Hindi naman napigilan ni Annette ang sariling sundan ng tingin ang papalayong binata. Balak na niyang balikan ang laro ngunit may nag-udyok sa kanyang muling sulyapan ito. Pag-angat ng ulo niya ay wala na ito. Nakadama siya ng matinding panlulumo. Bakit kay saya niya kapag nakakausap ang binata?

“Dito ako matutulog,” bungad ni Kenneth sa pintuan ng mansyon ni Senator Dizon.

Nagulantang ang senador na nakaidlip sa sofa dahil sa sobrang pagod. Kunot-noong tumingin ito

sa relo. “Kenneth, it’s already eleven o’clock. Ano na naman ang pumasok sa utak mo?”

“I’m bored at home.” Pabagsak siyang nahiga sa kabilang sofa at waring nangangarap na tumitig sa kisame.

“Magagalit na naman sa akin ang daddy mo, lalo na ngayong malapit na ang elections.”

“Mababaliw ako sa bahay, Uncle,” reklamo niya sa mahinang tinig. “Masyadong tahimik.”

“Invite your friends to come over to your house then.”

“Dad wouldn’t want me to.”

Kumuha ng lighter sa bulsa ang senador at sinindiha ang hawak na sigarilyo. “Do you think hindi ka mabo-bore dito?”

“At least, nandito ang makukulit kong pinsan,” napangiti niyang tugon. “Uncle, I have a very big problem.” Muli siyang tumitig sa kisame.

Nag-aalalang pinagmasdan siya ng tiyuhin. “What is it, Hijo? Baka sakaling makatulong ako.”

“I have to know the phone number of Annette Esguerra,” wala sa loob na tugon niya.

“What!” Kamuntik nang mabitawan ni Senator Dizon ang hawak na sigarilyo. “Annette Esguerra, the daughter of Senator Arturo Esguerra?”

Nahihiyang tumango si Kenneth.

“Are you in love with her?”

“I don’t know. Basta’t gusto ko lang siyang makita at makausap.”

Napailing ang senador. “Marami namang mga babae riyan, bakit kay Annette pa?”

“She’s everything I’ve always dreamed of, Uncle,” deretso niyang tugon. “I just can’t help thinking about her.”

“Bueno, Hijo,” napapailing na sabi nito na may dinukot sa pitaka, pagkuwa’y iniabot sa kanya. “Calling card ni Senator Esguerra,” nakangiting sabi nito. “Baka sakaling may maitulong sa ’yo.”

“Uncle, I want to get to know her better pero nahihiya ako kapag kaharap ko na siya.”

Tumayo ito at pumanhik ng hagdan. “Akala ko pa naman ay matinik ka sa mga babae. Kay Annette lang pala hindi uubra ang pagkapalikero mo,” natatawang saad nito habang pumapanhik. “Anyway, titingnan ko kung ano’ng magagawa ko, Hijo, okay? In the

meantime, lalambingan ko muna ang Tita Dolly mo.” Kumindat ito. “Hindi na kami nakakapag-usap nang matagal.”

“At least, you still have time for your family,” nakangiting sabi ni Kenneth. Gusto niyang idugtong ang kaibahan ng ama rito ngunit nagtuluy-tuloy na ito sa silid.

Matagal niyang pinagmasdan ang hawak na calling card. Ano ang gagawin niya sa beeper at cellular number ni Senator Esguerra? Alam niyang hindi iyon ang gamit ni Annette. Ang numero ng telepono sa bahay nito ang tumawag sa kanyang pansin.

May sumilay na ngiti sa mga labi ng binata.

Hindi dalawin ng antok si Annette. Papihit-pihit siya sa higaan na hindi malaman ang gagawin. Ayaw niyang amining si Kenneth ang iniisip niya ngunit iyon ang totoo.

Iniwang niya ang binabasa at tahimik na lumabas ng silid. Balak niyang magtimpla na lamang ng mainom sa kusina nang biglang tumunog ang telepono ni Senator Esguerra sa opisina nito. Hinayaan niyang makailang ring iyon at baka gising

pa ang ama na nasa master's bedroom. May extension ito roon.

Sinagot niya ang phone nang patuloy pa rin iyon sa pag-ring. "Hello," bati niya. Walang tumugon.

"Hello," muling sabi niya. Wala pa ring sumagot. Ibinaba niya ang telepono at saka nagtungo sa kusina.

Si Kenneth ang tumawag ngunit nawalan ito ng lakas ng loob na magsalita nang marinig ang tinig ng dalaga. Hindi mapakaling tumayo ito at humarap sa salamin. "Bakit ba kapag kaharap ko na si Annette, natataranta ako? What's wrong with you, Kenneth Dizon?" kausap nito sa sarili.

Humugot ito ng hininga bago muling dinampot ang telepono at muling tumawag kina Annette ngunit si Senator Esguerra na ang nakasagot. Kaagad itong binabaan ng telepono ni Kenneth.